Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-5 NG SETYEMBRE, 2001, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:05 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | .............. | PANG. PUNONG BAYAN |
| Kgg. Florencio C. Odejar | .............. | Kagawad<br>Gumanap na Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon | .............. | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | .............. | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | .............. | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | .............. | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | .............. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | .............. | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | .............. | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | .............. | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Purita P. Sarmiento | .............. | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 204-T2001

*KAPASIYAHANG NAGBIBIGAY NG KAPANGYARIHAN SA KGG. PUNONG BAYAN DOMINGO G. PANGANIBAN NA PUMASOK SA PAKIKIPAGKASUNDO SA NATIONAL MEAT INSPECTION COMMISSION (NMIC) PARA SA PAGPAPATAYO NG CLASS AAA SLAUGHTER HOUSE SA BARANGAY BAGUMBAYAN, SANTA CRUZ, LAGUNA.*

*SAPAGKA'T,* isinasaad sa Seksyon 22 (c) ng Batas Republika Blg. 7160 ang mga sumusunod: "maliban kung iba ang itinatakda sa Kodigong ito, walang maaaring pasukang kontrata ang lokal na punong tagapagpaganap sa panig ng yunit ng pamahalaang lokal nang walang anumang kapahintulutan ng kinauukulang sanggunian. Ang nabasang sipi ng naturang kontrata ay dapat na nakapaskel sa isang hayag at nakikitang lugar sa panlalawigang kapitolyo o sa bulwagang panglunsod, pambayan o pambarangay.

*SAPAGKA'T,* nasasaad pa rin sa Seksyon 444 (b) ( i, vi ) ang mga sumusunod: "Sa sandaling bigyan ng kapangyarihan ng Sangguniang Bayan, katawanin ang bayan sa lahat ng mga transaksyon, negosyo nito at lumagda para sa panig nito sa lahat ng mga piyansa, mga kasunduan, at mga obligasyon at iba pang gayong dokumentong ginawa alinsunod sa batas o ordinansa;

*SAPAGKA'T,* nababatid ng sangguniang ito na kinakailangan ang pagpapatayo ng isang makabagong istrakturang katayan ng mga hayop sa bayang ito dahilan sa ang kasalukuyang estrakturang ginagamit para sa pagkakatay ng mga hayop ay marami nang sira sapagkat ito ay naitayo noon pang taong 1957.

*KUNG KAYA'T DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Bernardo E. Ison, Roselon F. Pamatmat, Eugenio A. Javier, Jr. at Angelito U. Limjuco at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN* : Na bigyan ng kapangyarihan ang Kgg. Punong Bayan Domingo G. Panganiban na pumasok sa pakikipagkasundo sa National Meat Inspection Commission (NMIC) para sa pagpapatayo ng Class AAA Slaughterhouse sa Barangay Bagumbayan, Santa Cruz, Laguna.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan at Kgg. Efren C. Nuestro, D.V.M. Executive Director, National Meat Inspection Commission (NMIC), para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: KGG. FLORENCIO C. ODEJAR
Kagawad Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY: KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan